

**Ordinaryong Halalan ng Pandistritong Konseho 2023**  
**Maikling Impormasyon sa Halalan**

**Kaayusan ng Botohan para sa Ordinaryong Halalan ng Pandistritong Konseho 2023**

**Petsa ng botohan:** Ika-10 ng Disyembre 2023 (Linggo)

**Mga Oras ng Botohan:** **Botohan ng konstituensya sa mga Pandistritong Komite<sup>1</sup>**  
**(“DCC”)**

8:30 a.m. hanggang 2:30 p.m.

**Botohan ng heograpikal na konstituensya sa Pandistritong Konseho<sup>2</sup> (“DCGC”)**

8:30 a.m. hanggang 10:30 p.m.

(Ang mga oras ng botohan ng nakalaang istasyon ng botohan na itatayo sa mga kulungan ay mula 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.)

Upang mabawasan ang oras sa pagpila ng mga botante at maiwasan ang labis na pagtitipon ng mga tao sa mga istasyon ng botohan, ang tinantyang oras ng pagpipila ay ibibigay sa labas ng mga istasyon ng botohan at ia-upload sa nakalaang websayt ng halalan para sa Ordinaryong Halalan ng Pandistritong Konseho 2023 sa araw ng botohan para sa sanggunian ng mga botante upang maaari nilang piliin na bumoto sa oras na may mas kaunting tao.

**Panahon ng Nominasyon**

**Panahon ng nominasyon:** Ika-17 hanggang Ika-30 ng Oktubre 2023

Ang mga form ng nominasyon ay maaaring i-download mula sa websayt ([www.reo.gov.hk](http://www.reo.gov.hk)) ng Tanggapan ng Rehistro at Halalan (“REO”), o kolektahin na walang bayad sa mga sumusunod na tanggapan:

Mga Pandistritong Tanggapan; o

---

<sup>1</sup> Ang DCC ng isang Konsehong Pandistrito ay binubuo ng mga karapat-dapat na botante sa Mga Pandistritong Komite (hal. ang Komite ng Lugar, ang Pandistritong Komite Laban sa Krimen at ang Pandistritong Komite sa Kaligtasan mula sa Sunog (sama-samang tatawagin bilang “ang tatlong komite”)) ng Distrito.

<sup>2</sup> Alinsunod sa binagong Ordinansa sa mga Pandistritong Konseho (Cap. 547), there are 44 na mga DCGC na may kabuuang 88 miyembro ang kabilang sa Ordinaryong Halalan ng Pandistritong Konseho.

Mga Tanggapan ng REO (8/F, Treasury Building, 3 Tonkin Street West, Cheung Sha Wan, Kowloon or Unit 2301-03, 23/F, Millennium City 6, 392 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon)

### **Maikling Impormasyon ng Mga Pandistritong Konseho**

#### **Mga Pandistritong Konseho (Pagbabago) Ordinansa 2023**

Inanunsyo ng Pamahalaan ang mga panukala sa pagpapabuti ng pamamahala sa antas ng distrito noong ika-2 ng Mayo 2023 at ipinakilala ang mga Pandistritong Konseho (Pagbabago) Panukalang-batas 2023 sa Pambatasang Konseho noong ika-31 ng Mayo 2023 upang ipatupad ang iminungkahing reporma ng mga Pandistritong Konseho, na ipinasa ng Pambatasang Konseho noong ika-6 ng Hulyo, 2023. Ang Ordinansa ng Mga Pandistritong Konseho (Susog) 2023 ay inilathala sa Pahayagan at nagkabisa noong ika-10 ng Hulyo, 2023.

### **Kabuuan ng mga Pandistritong Konseho**

Alinsunod sa binagong Ordinansa ng mga Pandistritong Konseho (Kabanata 547), ang mga Pandistritong Konseho ay dapat binubuo ng 470 na miyembro gaya ng sumusunod:

<b>Mga Hinirang na Miyembro :</b>	Hihirangin ng Punong Tagapaganap	179 na mga puwesto
<b>Mga Miyembro ng DCC :</b>	Ihahalal ng mga botante ng DCC ng kani-kanilang mga Distrito	176 na mga puwesto
<b>Mga Miyembro ng DCGC :</b>	Ihahalal ng mga botante ng kani-kanilang mga DCGC	88 na mga puwesto
<b>Mga Miyembro ng Ex-officio :</b>	Mga Tagapangulo ng Rural Committee ng kani-kanilang mga Distrito	27 na mga puwesto

Ang ikapitong termino ng panunungkulan ng mga Pandistritong Konseho ay magsisimula sa ika-1 ng Enero 2024. Ang termino ng panunungkulan ay apat na taon.

Susuriin at kukumpirmahin ng Komite ng Pagsusuri sa Karapat-dapat ng Pandistritong Konseho (“DCERC”) ang pagiging karapat-dapat ng lahat ng kandidato sa halalan, gayundin ang mga hinirang at ex-officio na miyembro. Ang DCERC ay hihingi ng opinyon sa Komite para sa

Pagsisigurado ng Pambansang Seguridad sa Rehiyon ng Espesyal na Administratibo ng Hong Kong (“CSNS”) kung nabigo ang tao na matugunan ang mga ligal na kinakailangan at kundisyon sa pagtataguyod ng Batayang Batas at katapatan sa HKSAR. Kung magbibigay ng opinyon ang CSNS, dapat gawin ng DCERC ang desisyon alinsunod dito.

**Mga DCC – 176 na mga puwesto**

<b>Pandistritong Konseho</b>	<b>Bilang ng mga miyembrong kailangan ibalik</b>
<b>Central at Western</b>	8
<b>Eastern</b>	12
<b>Kowloon City</b>	8
<b>Kwun Tong</b>	16
<b>Sham Shui Po</b>	8
<b>Southern</b>	8
<b>Wan Chai</b>	4
<b>Wong Tai Sin</b>	8
<b>Yau Tsim Mong</b>	8
<b>Islands</b>	4
<b>Kwai Tsing</b>	12
<b>North</b>	8
<b>Sai Kung</b>	12
<b>Sha Tin</b>	16
<b>Tai Po</b>	8
<b>Tsuen Wan</b>	8
<b>Tuen Mun</b>	12
<b>Yuen Long</b>	16
<b>Kabuuan</b>	<b>176</b>

**Nominasyon at Pangangampanya**

- Lahat ng mga rehistradong Heograpikal na Konstituwensiya (“GC”) na mga botante na may edad 21 o higit pa na karaniwang naninirahan sa Hong Kong sa loob ng 3 taon kaagad bago ang nominasyon ay maaaring hirangin bilang mga kandidato.
- Ang bawat kandidato ay dapat mahirang ng hindi bababa sa 3 ngunit hindi hihigit sa 6 na botante para sa DCC sa bawat isa sa mga Pandistritong Komite (ibig sabihin, ang Panlugar na Komite, ang Pandistritong Komite Laban sa Krimen at ang Pandistritong Komite para

sa Kaligtasan sa Sunog) sa nauugnay na Distrito. Ang isang kandidato ay hindi kailangang maging miyembro ng mga Pandistritong Komite.

- Ang bawat botante ng DCC ay maaaring humirang ng bilang ng mga kandidato na hindi hihigit sa bilang ng mga miyembro na ibabalik para sa kani-kanilang DCC sa halalan sa Distrito.

### **Pagsasaayos ng Botohan**

- Ang mga botante ng DCC, batay sa listahan ng mga nahirang sa kani-kanilang mga Distrito, ay bumoto sa pamamagitan ng lihim na balota. Ang isang balota ay may bisa lamang kung ang bilang ng mga boto na nakapaloob sa balota ay katumbas ng bilang ng mga miyembro ng DCC na ibabalik para sa nasasakupan. Ang mga kandidatong nakakuha ng pinakamaraming boto at pagkatapos ay ang susunod na pinakamalaki at iba pa hanggang sa maibalik ang kinakailangang bilang ng mga miyembro para sa nasasakupan sa halalan.

### **Mga DCGC – 88 na mga puwesto**

#### **Pagtatakda ng mga Hangganan at Sistema sa Halalan**

- Alinsunod sa Ordinansa ng mga Pandistritong Konseho (Kabanata 547) na binago ng Ordinansa ng Mga Pandistritong Konseho (Susog) 2023, ang mga hangganan ng umiiral na 18 na mga distrito ay nananatiling hindi nagbabago at mayroong kabuuang 44 na DCGC sa 18 na mga distrito. 2 mga miyembro ang ibabalik para sa bawat DCGC, na nagreresulta sa kabuuang 88 na mga miyembro ng DCGC na ibabalik.
- Ang mga bilang at pangalan ng mga DCGC sa bawat distrito ay ang mga sumusunod:

<b>Pandistritong Konseho</b>	<b>Bilang ng mga DCGC</b>	<b>Pangalan ng mga DCGC</b>	<b>Kabuuang bilang ng mga miyembro na ibabalik</b>
<b>Central at Western</b>	2	Central, Western	4
<b>Eastern</b>	3	Tai Pak, Hong Wan, Chai Wan	6
<b>Kowloon City</b>	2	Kowloon City North, Kowloon City South	4
<b>Kwun Tong</b>	4	Kwun Tong Southeast, Kwun Tong Central, Kwun Tong North, Kwun Tong West	8
<b>Sham Shui Po</b>	2	Sham Shui Po West, Sham Shui Po East	4
<b>Southern</b>	2	Southern District Southeast, Southern District Northwest	4
<b>Wan Chai</b>	1	Wan Chai	2
<b>Wong Tai Sin</b>	2	Wong Tai Sin East, Wong Tai Sin West	4

<b>Yau Tsim Mong</b>	2	Yau Tsim Mong South, Yau Tsim Mong North	4
<b>Islands</b>	1	Islands	2
<b>Kwai Tsing</b>	3	Tsing Yi, Kwai Chung East, Kwai Chung West	6
<b>North</b>	2	Wu Tip Shan, Robin's Nest	4
<b>Sai Kung</b>	3	Sai Kung and Hang Hau, Tsueng Kwan O South, Tsueng Kwan O North	6
<b>Sha Tin</b>	4	Sha Tin West, Sha Tin East, Sha Tin South, Sha Tin North	8
<b>Tai Po</b>	2	Tai Po South, Tai Po North	4
<b>Tsuen Wan</b>	2	Tsuen Wan Northwest, Tsuen Wan Southeast	4
<b>Tuen Mun</b>	3	Tuen Mun East, Tuen Mun West, Tuen Mun North	6
<b>Yuen Long</b>	4	Yuen Long Town Centre, Yuen Long Rural East, Tin Shui Wai South and Ping Ha, Tin Shui Wan North	8
<b>Kabuuan</b>	<b>44</b>		<b>88</b>

### **Nominasyon at Pangangampanya**

- Lahat ng mga rehistradong botante ng GC na may edad 21 o higit pa na karaniwang naninirahan sa Hong Kong sa loob ng 3 taon kaagad bago ang nominasyon ay maaaring hirangin bilang mga kandidato.
- Dapat matupad ng mga kandidato ang sumusunod na dalawang pamantayan:
  - Hinirang ng hindi bababa sa 3 ngunit hindi hihigit sa 6 na botante para sa DCC sa bawat isa sa mga Pandistritong Komite (ibig sabihin, ang Panlugar na Komite, ang Pandistritong Komite Laban sa Krimen at ang Pandistritong Komite para sa Kaligtasan sa Sunog) sa nauugnay na Distrito; at
  - Hinirang ng hindi bababa sa 50 ngunit hindi hihigit sa 100 na rehistradong botante para sa nauugnay na DCGC.
- Ang bawat nakarehistrong botante ng DCGC ay maaari lamang maghirang ng 1 kandidato sa kanyang sariling DCGC. Kung ang isang botante ng DCGC ay isang botante din sa DCC, maaari rin siyang maghirang ng 1 kandidato sa bawat DCGC sa nauugnay na Distrito bilang isang botante para sa DCC.

### **Pagsasaayos ng Botohan**

- Ang mga botante ng DCGC ay dapat, batay sa listahan ng mga nahirang sa kani-kanilang DCGC, bumoto ng 1 kandidato sa pamamagitan ng lihim na balota. Ang 2 kandidato na nakakuha ng pinakamalaki at susunod na pinakamaraming bilang ng mga boto sa bawat DCGC ay ibabalik sa halalan.

## **Saan Boboto**

- Para sa halalan sa DCC, isang istasyon ng botohan ang itatakda para sa bawat isa sa 18 na mga Distrito sa Hong Kong para sa mga botante ng DCC na bumoto sa DCC ayon sa kung saan siya kabilang sa DCC.
- Para sa halalan sa DCGC, iba't ibang mga istasyon ng botohan ang itatakda sa buong Hong Kong para sa mga botante ng DCGC na bumoto sa DCGC ayon sa kanilang rehistradong adres ng tirahan sa Final Register.
- Kung ang isang botante ay may karapatang bumoto ng parehong DCC at DCGC na mga boto, siya ay bumoto sa DCC at DCGC sa mga itinalagang istasyon ng botohan sa DCC at DCGC ayon sa pagkakabanggit sa araw ng botohan.
- Ang mga bumoboto na nasa kustodiya ay isasaayos upang bumoto sa mga nakalaang istasyon ng botohan sa mga kulungan o istasyon ng pulisya kung naaangkop.
- Isang kard ng botohan na nagpapakita ng impormasyon tungkol sa itinalagang (mga) istasyon ng botohan ay ibibigay sa bawat botante nang hindi bababa sa 10 araw bago ang araw ng botohan.
- Kung ang istasyon ng botohan na inilaan sa isang botante ay mapupuntahan ng mga taong may espesyal na pangangailangan (mga gumagamit ng wheelchair o mga taong may kahirapan sa paggalaw) ay tutukuyin sa mapa ng lokasyon na nakalakip sa kard ng botohan. Kung ang mga botante na gumagamit ng wheelchair o nahihirapang maglakad ay hindi makaaabot ng kanilang itinalagang istasyon ng botohan, maaari silang mag-apply sa REO upang bumoto sa espesyal na istasyon ng botohan na itinalaga para sa nasasakupan kung saan siya ay may karapatang bumoto sa pamamagitan ng fax (2891 1180). ), sa pamamagitan ng email (reoenq@reo.gov.hk), sa pamamagitan ng telepono (2891 1001) o sa pamamagitan ng koreo (8/F, Treasury Building, 3 Tonkin Street West, Cheung Sha Wan, Kowloon) nang hindi lalampas sa ika-5 ng Disyembre 2023.
- Kung ang mga botante ay nangangailangan ng tulong sa pagbibigay-kahulugan sa impormasyon sa pagboto, maaari nilang tawagan ang Sentro para sa mga Etniko Minoya (“CHEER”) sa pamamagitan ng mga sumusunod na hotline mula ika-27 ng Nobyembre hanggang ika-1 ng Disyembre 2023, at mula ika-4 hanggang ika-10 ng Disyembre 2023.

<b>Wika</b>	<b>Numero ng Hotline</b>
Bahasa Indonesia	3755 6811
Hindi	3755 6877
Nepali	3755 6822
Punjabi	3755 6844
Tagalog	3755 6855

Wika	Numero ng Hotline
Thai	3755 6866
Urdu	3755 6833
Vietnamese	3755 6888

### **Paano Bumoto**

- Kinakailangang dalhin ng isang botante ang orihinal ng kanyang Hong Kong Identity Card (“HKID kard”) o iba pang tinukoy na (mga) alternatibong dokumento (mangyaring sumangguni sa seksyon “((Mga) Dokumento na Kinakailangan para sa Pagkolekta ng Balota” sa ibaba para sa mga detalye) sa kanyang itinalagang (mga) istasyon ng botohan gaya ng ipinapakita sa kard ng botohan noong ika-10 ng Disyembre 2023 (Linggo) sa mga oras ng botohan at ipakita ito sa mga kawani ng botohan sa loob ng istasyon ng botohan.
- Ang mga kawani ng botohan ay gagamit ng isang kasangkapan ng Sistema ng Electronic Poll Register (“EPR”) upang i-scan ang HKID kard ng isang botante upang suriin kung siya ay isang botante ng may-katuturang nasasakupan. Pagkatapos ng beripikasyon, itatala ng kawani ng botohan sa Sistema ng EPR at ibibigay ang balota sa botante.
- Kung sakaling ang Sistema ng EPR ay hindi maaaring gamitin sa mga indibidwal na istasyon ng botohan (hal. dahil sa kakulangan ng saklaw ng network o pagkabigo ng sistema), ang naka-emprentang kopya ng Final Register (“FR”) ay gagamitin sa pag-isyu ng mga balota. Susuriin ng kawani ng botohan ang HKID kard ng botante laban sa nakalagay sa nakalimbag na kopya ng FR upang suriin kung ang botante ay isang rehistradong botante para sa nasasakupan. Pagkatapos ng beripikasyon, itatala ng kawani ng botohan ang pagbibigay sa FR at ibibigay ang balota sa botante.

### **Para sa halalan ng DCC**

- Pagkatapos makolekta ang balota, dapat tumuloy agad ang botante sa isa sa mga kompartimento ng pagboto.
- Kinakailangang sundin ng botante ang mga tagubiling ibinigay ng mga kawani ng botohan gayundin ang mga nakalimbag sa balota at mga paunawa sa loob ng kompartimento ng pagboto. Dapat markahan ng botante balota sa loob ng kompartimento ng pagboto.
- Ang botante ay dapat bumoto ng hindi hihigit o mas kaunti kaysa sa itinakdang bilang ng mga puwesto sa kaugnay na nasasakupan (ang numerong iyon ay ipapakita sa balota). Dapat gamitin ng botante ang itim na panulat na nakakabit sa kompartimento ng pagboto upang punan ng itim ang mga bilog sa tapat ng mga pangalan ng mga kandidatong kanyang pinili.
- Pagkatapos markahan ang isang balota, dapat sundin ng botante ang mga tagubiling (i) huwag itupi ang balota at ipasok ang balota sa PUTING kahon ng balota na ang may

markang bahagi ay nakaharap pababa, o (ii) tiklupin ang balota upang ang may markang bahagi ay nasa loob bago ilagay ang nakatuping balota sa PUTING kahon ng balota.

### **Para sa halalan ng DCGC**

- Ibibigay ng kawani ng botohan ang balota at isang karton kung saan may kalakip na pangmarka ng “□”. Pagkatapos nito, dapat agad tumuloy ang botante sa isa sa mga kompartamento ng pagboto.
  - Kinakailangang sundin ng botante ang mga tagubiling ibinigay ng mga kawani ng botohan gayundin ang mga nakalimbag sa balota at mga paunawa sa loob ng kompartamento ng pagboto. Dapat markahan ng botante ang balota sa loob ng kompartamento ng pagboto.
  - Dapat gamitin ng botante ang pangmarka na nakalakip sa karton para tatakan ng “□” sa loob ng bilog sa tapat ng pangalan ng kandidatong kanyang pinili.
  - Hindi dapat itutupi ng botante ang balota. Pagkatapos markahan ang isang balota, dapat ipasok ng botante ang balota sa ASUL na kahon ng balota na ang may markang bahagi ay nakaharap sa ibaba.
- 
- Ang bawat kompartamento ng pagboto ay gagamitin lamang ng isang botante sa isang pagkakataon. Batay sa mga prinsipyo ng awtonomiya ng pagboto at pagiging lihim ng mga boto, ipinagbabawal sa ilalim ng batas na magkaroon ng sinuman (kahit na siya ay kamag-anak o kaibigan ng botante) na samahan o tumulong sa botante na bumoto.
  - Kung ang isang botante ay nagkamali sa pagmamarka ng isang balota o hindi sinasadyang nasira ang isang balota, maaari niyang ibalik ang papel na iyon ng balota sa Namumunong Opisyal (“PRO”) at humingi ng kapalit.

### **(Mga) Dokumento na Kinakailangan para sa Pagkolekta ng Balota**

- Sa ilalim ng umiiral na batas, ang isang taong nag-aapply para sa isang balota ay dapat magpakita ng orihinal ng kanyang HKID kard o ang sumusunod na tinukoy na alternatibong (mga) dokumento:
  - ang orihinal ng isang balidong Pasaporte ng HKSAR; o
  - ang orihinal ng Sertipiko sa Hindi Pagkuha; o
  - ang orihinal ng isang pagkilala ng aplikasyon para sa HKID kard; o
  - ang orihinal ng wastong libro sa pagkakakilanlan ng seaman; o
  - ang orihinal ng wastong dokumento ng pagkakakilanlan ng tao para sa mga layunin ng bisa; o
  - isang dokumentong nagpapatunay ng isang ulat sa isang pulis tungkol sa pagkawala o pagkasira ng HKID kard ng tao o ng Sertipiko ng Hindi Pagkuha o ang pag-amin ng



aplikasyon para sa HKID kard (karaniwang tinutukoy bilang "isang paunawa ng nawalang ari-arian"), kasama ng orihinal ng isang balidong pasaporte\* o katulad na dokumento sa paglalakbay (hal. isang pasaporte maliban sa pasaporte ng HKSAR o ang Home Return Permit) na nagpapakita ng kanyang pangalan at larawan.

\* Ang pasaporte ng British National (Overseas) (BN(O)) ay hindi wastong dokumento sa paglalakbay at patunay ng pagkakakilanlan.

- Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa Seksyon 53 ng Regulasyon ng Komisyon sa mga Gawaing Panghalalan (Pamamaraang Panghalalan) (Mga Pandistritong Konseho) (Kabanata 541F).

### **Espesyal na Pila para sa mga Botanteng may Pangangailangan**

- Ang mga botante lamang ang pinapayagang makapasok sa isang istasyon ng botohan.
- Sa ilalim ng prinsipyong "patas at pantay na pagtrato", ang mga botante ay kailangang pumila para bumoto. Kung ang PRO ay nasiyahan na ang isang tao na dumating sa, o naroroon sa, ang istasyon ng botohan para bumoto ay nasa loob ng mga sumusunod na paglalarawan, idirekta ng PRO ang tao na agad na tumuloy sa itinalagang lugar o sa dulo ng pila kung mayroong isang pila na umaabot mula sa lugar na iyon, upang mag-apply para sa isang balota –
  - na hindi bababa sa 70 taong gulang\*;
  - na isang buntis; o
  - na, dahil sa karamdaman, pinsala, kapansanan o umaasa sa mga kasangkapang tulong sa panggalaw, ay hindi makakapila ng mahabang panahon o nahihirapang pumila.
- \* Kasama ang mga sumusunod na tao –
  - na ang dokumento ay nagpapakita ng taon ng kapanganakan, nang walang buwan at araw ng kapanganakan, ng tao na 70 taon na mas maaga kaysa sa taon kung saan pumapasok ang mga araw ng botohan;
  - kung saan ang dokumento ay nagpapakita, nang walang araw ng kapanganakan, ang taon ng kapanganakan ng tao na 70 taon na mas maaga kaysa sa taon kung saan pumapasok ang araw ng botohan at ang buwan ng kapanganakan ng tao na pareho o mas maaga kaysa sa buwan sa loob kung saan pumapatak ang araw ng botohan.
- Magtatalaga din ang PRO ng lugar ng paupuan sa loob ng istasyon ng botohan para makapagpahinga ang mga botanteng nabanggit sa itaas, kung gusto nila. Pagkatapos magpahinga, maaari silang pumila sa kahabaan ng espesyal na pila bago idirekta sa mga mesa na nagbibigay ng balota.

- Batay sa mga prinsipyo ng awtonomiya ng pagboto at paglilihim ng mga boto, ipinagbabawal ng batas ang sinuman (kahit na siya ay kamag-anak o kaibigan ng botante) na samahan o tulungan ang botante na bumoto. Ang isang botante na nahihirapan sa pagmamarka ng balota sa kanyang sarili ay maaaring, alinsunod sa batas, hilingin sa PRO o kinatawan ng PRO na markahan ang balota sa kanyang ngalan ayon sa kanyang kagustuhan sa pagboto, sa presensya ng isang kawani ng botohan bilang saksi. Ang PRO ay pinahintulutan na gumamit ng pagpapasya, kung naaangkop, upang payagan ang mga kasamang tao na gamitin ang espesyal na pila kasama ng mga botante na may tunay na pangangailangan na samahan ng iba.
- Upang mapadali ang maagang pagpapatuloy ng trabaho ng mga kawani ng botohan na maglingkod sa mga botante pagkatapos bumoto, kung siya ay dumating sa itinalagang istasyon ng botohan ngunit nakakita ng mahabang pila na naghihintay para sa pagpasok sa labas ng istasyon, maaari siyang payagang pumasok sa istasyon ng botohan para sa priyoridad na pagpila para mangolekta ng mga balota at bumoto pagkatapos ipakita ang kanyang pagkakakilanlan sa kawani ng botohan.

### **Talang-gabay sa mga Botante**

- Ayon sa Ordinansa sa Halalan (Asal na Tiwali at Labag sa batas) (Kabanata 554) na ipinatutupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian (“ICAC”), ang isang botante ay **HINDI DAPAT** magsagawa ng mga sumusunod na asal sa Hong Kong o sa ibang lugar:
  - Humingi o tumanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang particular na kandidato o partikular na mga kandidato sa isang halalan.
  - Mag-alok ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan sa sinumang tao bilang isang paghikayat or gantimpala upang hindi bumoto sa isang halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang particular na kandidato o partikular na mga kandidato sa isang halalan.
  - Gumamit o magbanta na gumamit ng dahas o pananakot laban sa sinumang tao para hikayating bumoto o hindi bumoto sa isang halalan, o bumoto o hindi bumoto para sa isang partikular na kandidato o partikular na mga kandidato sa isang halalan.
  - Hikayatin ang sinuman sa pamamagitan ng panlilinlang na huwag bumoto sa isang halalan, o bumoto o hindi bumoto para sa isang particular na kandidato o partikular na mga kandidato sa isang halalan.
  - Kusang humadlang at humadlang sa sinumang tao na bumoto sa isang halalan
  - Bumoto sa isang halalan na alam na siya ay walang karapatan na gawin ito. Bumoto sa isang halalan pagkatapos ng pagkakaroon ng sadya o walang pakundangang pagbibigay ng mali o nakalilinlang na impormasyon (hal. maling address ng tirahan) sa isang

opisyal ng halalan.

- Magkaroon ng mga gastos sa halalan para sa isang kandidato sa isang halalan nang hindi pinahihintulutan.
  - sa sulat ng kandidato bilang ahente sa gastos sa halalan.
  - Maglathala ng isang materyal na mali o mapanlinlang na pahayag ng katotohanan tungkol sa isang partikular na kandidato o partikular na mga kandidato sa isang halalan.
  - Maglathala ng isang patalastas sa halalan na kinabibilangan ng suporta mula sa sinumang tao o organisasyon nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa sumusuportang tao o organisasyon.
  - Hikayatin ang ibang tao na huwag bumoto o bumoto ng di-wastong boto sa isang halalan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng anumang gawain sa publiko sa panahon ng halalan.
- Ang ICAC ay nagtayo ng Website sa Malinis na Halalan at nagbibigay ng mga makabuluhang impormasyon sa publisidad ng mga programa para sa mga nagbibigay pondo sa halalan. Mangyaring bisitahin ang [www.icac.org.hk/elections](http://www.icac.org.hk/elections).
  - Ang mga sumusunod na aksyon ay ipinagbabawal din sa isang istasyon ng botohan:
    - Makipag-ugnayan sa ibang mga botante kabilang ang pagpapakita ng kanyang boto sa balota sa iba o gumamit ng mga cellphone o anumang iba pang aparato para sa elektronikong komunikasyon.
    - Maggawa ng pelikula, kumuha ng litrato o gumawa ng anumang pag-rekord sa audio o video.
    - Hilingin sa ibang mga botante na markahan ang kanyang balota. Sa kaso ng pangangailangan, ang isang botante ay maaaring, alinsunod sa batas, humiling sa PRO na markahan ang kanyang balota sa presensya ng isang opisyal ng botohan.
    - Manghimasok sa ibang mga botante na bumoto.